# Ang DIYOS At Ang Kanyang Mga Katangian

*Mga Aral tungkol sa*

**Doktrina ng Islam**

*(Unang Aklat)*

Sayyed Mujtaba Musavi Lari

*Isinalin ni*
Camilo (Kamil) Unda

Musavi Lari , Mojtaba , 1314 -
Ang Diyos at ang Kanyang mga Katangian:mga Aral tungkol sa Doktrina ng Islam (Unang Aklat)/ Seyyed Mojtaba Moussavi Lari ; isinalin ni Camilo (Kamil) Unda.-Qom : Foundation of Islamic C.P.W, 2009.=1388.

ISBN : 978-964-5817-63-1
Original Title : خدا و صفاتش
فیلیپینی .
۱.خدا(اسلام)- - صفات. ۲. خداشناسی الف. اونداءکامل. مترجم .
ب. عنوان .
BP۲۱۸/م۹خ۴۰۴۹۵۷۵ ۲۹۷ / ۴۲
۱۳۸۸ شماره کتابشناسی ملی : ۱۷۲۱۴۴۷

خدا و صفاتش - ترجمه فیلیپینی

# Ang Diyos at ang Kanyang mga Katangian:
## mga Aral tungkol sa Doktrina ng Islam (Unang Aklat)

May-Akda : Seyyed Mojtaba Moussavi Lari
Tagapagsalin: Camilo (Kamil) Unda
Tagapaglathala : Foundation of Islamic C.P.W
Unang Paglimbag : 2th : 2009-1388-1430
Al-Hadi Press
Pages : 320
Copies: 1000
ISBN : 978-964-5817-63-1

مركز نشر الثقافة الإسلامية في العالم

Sayyed Mojtaba Musavi Lari
Foundation of Islamic C.P.W
21 Entezam St., Qom, I.R.Iran
Tel: [0251] 6605408 – 6609550
Fax: [0251] 6602335
Website: www.musavilari.org
E-mail: info@musavilari.org

## Mga Nilalaman

**Tungkol sa May-Akda** .......... 7

**Paunang-salita ng May-akda sa Unang Edisyong Persian** .......... 11

*Aralin 1* .......... 15
**Ang Kasaysayan ng mga Paniniwala sa Pagdaraan ng Panahon**

*Aralin 2* .......... 27
**Ang Lalim ng Pagkatao ay Nagtutulak sa Taong Hanapin ang Diyos**

*Aralin 3* .......... 43
**Ang Diyos at ang Lohikang Empirikal**

*Aralin 4* .......... 55
**Ang Paniniwala sa Katotohanan ng Hindi Nakikita ay May Nakapaloob na Higit pa sa Diyos**

*Aralin 5* .......... 71
**Ang Mga Tanda ng Diyos sa Kalikasan**

*Aralin 6* .......... 101
**Ang Pangangailangan ng Mundo sa Isang Walang Pangangailangan**

*Aralin 7* .......... 115
**Ang Pagiging May Hangganan ng Tanikala ng Sanhi at Epekto**

*Aralin 8* .......... 127
**Mala-Agham na Panlilinlang**

*Aralin 9* .......... 149
**Paano Inilalarawan ng Quran ang Diyos?**

*Aralin 10* .......... 159
**Mga Batayan Para sa Minimithing Sambahin**

Ang Diyos At Ang Kanyang Mga Katangian

*Aralin 11* .......... 173
**Ang Pagiging Walang Katulad ng mga Katangian ng Diyos**

*Aralin 12* .......... 189
**Ang Walang Hanggang Kapangyarihan ng Diyos**

*Aralin 13* .......... 199
**Ang Walang-Hanggang Karunungan ng Diyos**

*Aralin 14* .......... 209
**Mga Pananaw Tungkol sa Katarungan ng Diyos**

*Aralin 15* .......... 219
**Isang Pagsusuri sa Masamang Kapalaran at Paghihirap**

*Aralin 16* .......... 231
**Paghihirap: Isang Sanhi ng Pagkagising**

*Aralin 17* .......... 239
**Ilang Aspeto ng Hindi Pagkakapantay-pantay**

*Aralin 18* .......... 251
**Isang Pangkalahatang Pananaw sa Suliranin**

*Aralin 19* .......... 269
**Malayang Pagpapasiya**

*Aralin 20* .......... 289
**Mga Anyo ng Kalooban at Kapasiyahan ng Diyos**

*Aralin 21* .......... 303
**Isang Maling Interpretasyon ng Tadhana at Kapalaran**

**Indisé** .......... 313

**PAGHAHANDOG**

Iniaalay ng mga magulang ng yumaong si:

*Bb. Wahideh Hashemizadeh*

ang gastusin sa pagsasalin sa aklat na ito sa wikang

**Pilipino *[Tagalog]***

at sa paglimbag nito... sa kaluluwa ng kanilang

yumaong anak.

## Tungkol sa May-akda

Si Sayyid Mujtaba Musavi Lari ay anak ng yumaong si Ayatullah[1] Sayyid Ali Asghar Lari, isa sa mga dakilang iskolar na relihiyoso at personalidad sa lipunan ng Iran. Ang lolo niya ay ang yumaong si Ayatullah Hajji Sayyid Abd ul-Husayn Lari, na lumaban para sa kalayaan sa Constitutional Revolution. Sa mahabang panahon ng kanyang pakikibaka laban sa mapanupil na pamahalaan ng kanyang panahon, tinangka niyang magtatag ng isang pamahalaan na batay sa Islam, at nagtagumpay siya sa loob ng maikling panahon, sa Larestan.

Si Sayyid Mujtaba Musavi Lari ay ipinanganak noong taong 1314 / 1925 sa lunsod ng Lar, kung saan niya natapos ang kanyang edukasyong primarya at ang kanyang panimulang mga pag-aaral sa Islam. Noong taon 1332 / 1953, lumipat siya sa Qum upang ipagpatuloy ang kanyang pag-aaral ng mga agham ng Islam. Siya ay nag-aral doon sa ilalim ng mga propesor at mga guro ng rehiyosong institusyon, kabilang ang mga pangunahing awtoridad sa batas [*marâji'*].

Noong taong 1341 / 1962, naging katuwang siya sa Maktab-i-Islam, isang relihiyoso at sayantipikong journal, kung saan siya sumusulat ng isang serye ng mga artikulo hinggil sa etika ng Islam. Ang mga artikulong ito, ay tinipon pagkatapos, sa isang aklat na inilathala sa pamagat na "*Mga Suliraning Etikal at Sikolohikal*". Siyam na edisyon na ng orihinal na Persian na libro ang nailathala na ; at naisalin na sa wikang Arabic, at pinakahuli, sa Pranses.

Noong taong 1342 / 1963, pumunta siya sa Alemanya upang magpagamot, at pagbalik sa Iran, pagkatapos ng ilang buwang pamamalagi, sumulat siya ng isang aklat na tinawag

na "*Ang Mukha ng Kabihasnang Kanluranin*". Kasama sa aklat na ito ang isang komparatibong pagtalakay sa kabihasnang Kanluranin at ng Islam; at doon, nagsikap ang may-akda na patunayan, sa pamamagitan ng isang masaklaw, makatwiran, at eksaktong paghahambing, ang pangingibabaw ng masaklaw at maraming dimensiyong kabihasnan ng Islam sa kabihasnang Kanluranin. Kamakailan lamang ay muling nilimbag ang ika-pitong edisyon ng aklat na ito. Noong taong 1349 / 1970, isinalin ito sa wikang Ingles ng isang Orientalistang tubong-Inglatera, si F.G. Goulding, at tumawag ito ng malaking pansin sa Europa. Maraming artikulo tungkol sa aklat ang nailathala sa mga peryodikal na Kanluranin, at nagkaroon ng panayam ang BBC sa nagsalin kung saan tinalakay ang mga dahilan sa pagsa salin ng nasabing aklat at ang naging pagtanggap dito sa Ingglatera. Ang bersyong Inggles ng aklat ay tatlong beses nang nailimbag sa Ingglatera, limang beses sa Iran, at dalawang beses sa Amerika.

Humigit-kumulang tatlong taon pagkatapos mailathala ang salin sa wikang Inggles, isinalin ni Rudolf Singler, isang Alemang propesor sa pamantasan, ang aklat sa wikang Aleman, at ang saling ginawa niya ay napatunayang naging impluwensyal sa Alemanya. Sa isang liham na ipinadala sa nagsalin sinabi ng isa sa mga pinuno ng Partidong Social l Democrat, na nag-iwan ang nasabing aklat ng malalim na impresyon sa kanya na nakapagpabago sa kanyang pananaw ukol sa Islam, at kanyang inerekomenda ang aklat sa kanyang mga kaibigan. Ang bersyong Aleman ay tatlong ulit nang nailimbag sa ngayon.

Ang bersyong Ingles at Aleman ng aklat ay muling inilimbag ng Kagawaran ng Pamamatnubay na Islamic, para ipamahagi sa ibang bansa sa pamamagitan ng Kagawaran ng Ugnayang

Panlabas at ng mga Kapisanan ng mga Mag-aaral na Muslim sa ibayong-dagat.

Kasabay ng unang paglilimbag ng salin sa wikang Aleman, isinalin ang aklat sa wikang Urdu ng isang Indian iskolar , si Maulana Raushan Ali, para ipamahagi sa India at Pakistan. Ang salin sa Urdu ay limang beses nang nailimbag.

Si Sayyid Mujtaba Musavi Lari ay sumulat din ng librito tungkol sa *tauhid* [isang Diyos], na isinalin sa Inglatera at maraming beses na ring nailathala sa Amerika.

Noong taong 1343 / 1964, nagtatag siya ng isang samahang pangkawanggawa sa Lar na ang mga layunin ay ang pagpapalaganap ng Islam, pagtuturo ng Islam sa mga kabataan sa kanayunan, at pagtulong sa mga nangangailangan. Ang samahang ito ay nanatiling aktibo hanggang 1346 / 1967. Kabilang sa mga pangunahing natapos ng samahang ito ay ang pagpapadala ng mga mag-aaral ng mga relihiyosong agham sa mga lalawigan at kanayunan para turuan ng Islam ang mga bata at kabataan ; pamimigay ng mga damit, aklat at kagamitang pansulat sa libu-libong batang mag-aaral; pagtatayo ng maraming masjid, paaralan at klinika sa mga bayan at nayon at pagbibigay ng iba't-ibang serbisyo.

Ipinagpatuloy ni Sayyid Mujtaba Musavi Lari ang kanyang interes sa etikang Islam, sa pagsusulat ng mga bagong artikulo tungkol dito. Noong taong 1353 / 1974, isang koleksyon ng mga artikulong ito, nirebisa at dinagdagan, ay lumitaw na aklat na pinamagatang: "Ang Tungkulin ng Etika sa Kaunlaran ng Tao". Ang aklat na ito ay anim na ulit nang nailathala.

Noong 1357 / 1978, pumunta siya sa Amerika sa paanyaya ng isang samahang Islam sa bansang iyon. Pagkatapos ay pumunta siya sa Inglatera at Pransya at pagkatapos makabalik sa Iran, nag-umpisa siyang sumulat ng serye ng mga artikulo tungkol sa ideyolohiyang Islam para sa magasing Soroush. Hindi naglaon, ang mga artikulong ito ay tinipon sa apat na tomo ng aklat tungkol sa mga pangunahing paniniwala ng Islam (*tauhid*, katarungan ng Diyos, pagiging Propeta, imamat at muling pagkabuhay) na pinamagatang "*Ang mga Saligan ng Doktrinang Islam*".

Ang apat na tomong trabahong ito ay naisalin na sa Arabic, ilang bahagi nito ang nailimbag na ng tatlong beses. Ang salin sa wikang Inggles ng unang tomo ang naging kasalukuyang aklat, ang natitirang tomo ay isasalin din at ilalathala. Ang salin sa Urdu, Hindi at Pranses ay ginagawa na, dalawang tomo na ng salin sa Pranses ang lumabas na.

Noong 1359 / 1980, itinatag ni Sayyed Mujtaba Musavi Lari ang isang samahan sa Qum na kilala sa tawag na "Tanggapan para sa Pagpapalaganap ng Kultura ng Islam sa Ibayong-Dagat". Nagpapadala ito ng libreng kopya ng mga naisaling aklat para sa mga interesadong tao sa buong daigdig. Nagpalimbag din ang tanggapang ito ng Quran para ipamahagi nang libre sa mga tao, institusyon at paaralang relihiyoso sa Africa.

**(Footnotes)**

[1] Titulo ng mga pantas sa relihiyong Islam, partikular ang Shi'ismo, na nagpapakita rin ng ranggo o antas ng kaalaman ng iskolar. Ganito ang kanilang pagkakasunod-sunod: Hujjatol Islam wal Muslimeen, Ayatullah at Ayatullah al-'Uzma. *[Tagapagsalin]*

## Paunang-salita ng May-akda sa Unang Edisyong Persian

Ang kahungkagang intelektwal at ideolohikal ay patuloy na naglalayo sa tao sa pag-unawa ng katotohanan at nagdadala sa kanya sa katiwalian. Ngayon, nasasaksihan natin ang maraming malikhaing lakas ng tao na nasasayang habang patuloy niyang ipinipikit ang kanyang mga mata sa mayaman at umaalong dagat ng kultura at kaisipan na bumubuo sa relihiyon at habang pinapayagan niyang talunin ang kanyang buhay intelektwal ng mga ideolohiya ng makabagong mundo.

Ngayon, maraming ideya ang inihaharap sa uhaw at naguguluhang henerasyon sa kasalukuyan, na nanggagaling sa mabilis at maling konsepto ng mga pantas at iskolar na may limitadong pananaw. Ang mga kaisipang ito ay nagkukunwaring makakatugon sa mga pangangailangan ng henerasyong ito, pero hindi nagmumungkahi ng anumang kahulugan o layunin para sa buhay.

Ang isang dimensyong paraan ng pag-iisip, na batayan ng mga ideyang ito, ay hindi angkop na pag-aalaga sa mga sensitibong isip ng ating panahon, at hindi din dapat isaalang-alang sa anumang kapaligiran kung saan, malakas pa ang impluwensya ng karunungan at lohika.

Walang maaaring pag-aalinlangan na ang maraming halimbawa ng hindi pantay na pagtingin, kalupitan, kaparusahan at kaguluhan na nakikita sa kasaysayan, ay nagmumula sa salungatan na naghahari sa mundo at sa buhay ng tao.

Kami ay naniniwala na ang Islam at ang ideolohiya nito, batay sa *tauhid*, na nagtataglay, at taglay nga nito, ng malawak na serye ng malalim na pagsusuring pilosopikal at sayantipiko

ng obhetibong mundo at panlabas na realidad at nagpapaalam sa tao ng lahat ng dimensyon ng kanyang katauhan, ay may kakayahang lutasin nang mabilis ang lahat ng salungatan at pagkaka-iba at patnubayan ang tao sa dieksyon ng patuloy na malikhaing gawain, para matiyak ang kanyang kinabukasan.

Bawat sistema ng paniniwala, bagama't ang mga prinsipyo nito ay pandaigdig at ang mga saligan ay panlabas, ay kailangang ipakilala muli sa bawat henerasyon, ayon sa mga pangyayari ng panahon. Ang mga pantas at tagapangalaga ng ispiritwalidad , na alam ang diwa ng panahon at ang pangangailangan sa higit pang pananaliksik sa mga batayang usapin para harapin ang mga inobasyong dala ng modernong pilosopiya at agham, ay dapat, kung ganoon, magbigay ng seryoso at malawak na atensyon sa mga katanungang ito, kukuha sa mga pinagkukunan ng Islam. Dapat nilang iharap ang katotohanan, dahil hinihingi ng malawak at progresibong diwa ng Islam na ipakita ito, at ipaalam sa mundo ang mga prinsipyong intelektwal ng Islam.

Ang kasalukuyang akda ay isang pagsisikap na maipakita, sa isang maikli at masiglang paraan, ang isang pagsusuri sa mga saligan ng pananampalataya ng Islam, pinagsama ang pangangatwirang pilosopikal at simpleng pananalita. Dahil ang layunin natin ay maglahad ng isang maikling akda, iniwasan naming banggitin, nang mahabaan, ang mga pananaw ng maraming pantas at dalubhasa.

Ang unang bahagi ng akda naming ito ay tumatalakay sa iisang Diyos at sa katarungan. Umaasa kami na makakaambag ito sa pagpapaalam ng mga pananaw ng Islam sa mga batayang usapin na ito.

Sayyid Mujtaba Musavi Lari